# Update

## Ano ang nasa loob

| | |
|---|---|
| Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho | 1 |
| Impormasyon para sa mga taong tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security | 2 |
| Impormasyon para sa mga tumatanggap ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Panseguridad) (SSI) | 3 |
| Impormasyon para sa mga tao sa Medicare | 4 |

Nagbibigay ang update na ito ng impormasyon tungkol sa mga buwis, benepisyo, at gastos sa Social Security para sa 2025. Ayon sa batas, awtomatikong nagbabago ang ilang numero bawat taon para makasabay sa mga pagbabago sa mga presyo at antas ng sahod.

## Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho

### Social Security mga buwis ng Medicare

Buwis sa Social Security na binabayaran ng isang empleyado/employer (bawat isa):

- Noong 2024 ay 6.2% ng kita hanggang $168,600
- Sa 2025 ay 6.2% ng kita hanggang $176,100

Buwis sa Social Security na binabayaran ng mga self-employed:

- Noong 2024 ay 12.4%* ng kita hanggang $168,600
- Sa 2025 ay 12.4%* ng kita hanggang $176,100

Buwis sa Medicare na binabayaran ng isang empleyado/employer (bawat isa):

- Noong 2024 ay 1.45% ng lahat ng kita
- Sa 2025 ay 1.45% ng lahat ng kita

Buwis sa Medicare na binabayaran ng mga self-employed:

- Noong 2024 ay 2.9%* ng lahat ng kita
- Sa 2025 ay 2.9%* ng lahat ng kita

**Puwedeng ma-offset ng mga probisyon ng buwis sa kita*

### Mga kredito sa trabaho

Kapag nagtatrabaho ka, makakakuha ka ng mga kredito para sa mga benepisyo ng Social Security. Ang bilang ng kredito na kailangan mo para maging kuwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security ay depende sa edad mo at sa uri ng benepisyo na inaplayan mo. Maaari kang makakuha ng maximum na 4 na kredito bawat taon. Karamihan ng tao ay kailangan ng 40 na kredito para maging kuwalipikado sa mga benepisyo sa pagreretiro.

- Noong 2024, nakakuha ng isang kredito ang $1,730
- Sa 2025, makakakuha ng isang kredito ang $1,810

## Impormasyon para sa mga taong tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security

### Limitasyon ng kita

Sa ilalim ng pederal na batas, ang mga taong tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security at hindi pa umabot sa buong edad ng pagreretiro, ay may karapatan na matanggap ang lahat ng kanilang benepisyo hangga't ang kita nila ay nasa ilalim ng mga limitasyong nakasaad sa ibaba. Para sa mga ipinanganak sa pagitan ng 1943 at 1954, ang buong edad ng pagreretiro ay 66. Ang buong edad ng pagreretiro ay unti-unting tumataas bawat taon hanggang umabot ito sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o mas matagal pa.

- Kung nasa ganap na edad ka na ng pagreretiro o mas matanda, sa 2024, walang limitasyon sa kita.

Kung wala ka pa sa ganap na edad ng pagreretiro, hindi namin ibibigay ang $1 mula sa benepisyo para sa bawat $2 na lampas sa limitasyon.

- Noong 2024, ang limitasyon ng kita ay $22,320
- Sa 2025, ang limitasyon ng kita ay $23,400

Sa taon na maabot mo ang buong edad ng pagreretiro, hindi namin ibibigay ang $1 mula sa benepisyo para sa bawat $3 na lampas sa limitasyon.

- Noong 2024, ang limitasyon ng kita ay $59,520
- Sa 2025, ang limitasyon ng kita ay $62,160

***Mga limitasyon sa kita ng mga benepisyaryo ng may kapansanan:*** Kung nagtatrabaho ka habang tumatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan, dapat mong sabihin sa amin ang tungkol sa kinita mo kahit gaano pa kaliit ang kita mo. Maaari kang magkaroon ng walang-limitasyong kita sa panahon ng pagsubok sa trabaho na hanggang 9 na buwan (hindi kailangang magkakasunod) at makakatanggap ka pa rin ng buong benepisyo. Kapag natapos mo na ang 9-na-buwang panahon ng pagsubok sa trabaho, aalamin namin kung karapat-dapat ka pa rin sa mga benepisyo sa kapansanan. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa iba pang insentibo sa trabaho para matulungan ka sa pagbabalik sa trabaho.

Limitasyon ng kita para sa Malaking Kapaki-pakinabang na Aktibidad para sa mga benepisyaryo na hindi bulag na may kapansanan:

- Noong 2024, ang limitasyon ng kita ay $1,550 bawat buwan
- Sa 2025, ang limitasyon ng kita ay $1,620 bawat buwan

Limitasyon ng kita para sa Malaking Kapaki-pakinabang na Aktibidad para sa mga benepisyaryo na bulag na may kapansanan:

- Noong 2024, ang limitasyon ng kita ay $2,590 bawat buwan
- Sa 2025, ang limitasyon ng kita ay $2,700 bawat buwan

Limitasyon ng kita para sa mga benepisyaryong may kapansanan na lumalahok sa Panahon ng Pagsubok sa Trabaho:

- Noong 2024, ang limitasyon ng kita ay $1,110 bawat buwan
- Sa 2025, ang limitasyon ng kita ay $1,160 bawat buwan

## Impormasyon para sa mga tumatanggap ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Panseguridad) (SSI)

### Buwanang pederal na bayad ng SSI (maximum)

Pinakamataas na buwanang pederal na bayad ng SSI para sa isang indibidwal:

- Noong 2024 ay $943
- Sa 2025 ay $967

Pinakamataas na buwanang pederal na bayad ng SSI para sa isang mag-asawa:

- Noong 2024 ay $1,415
- Sa 2025 ay $1,450

### Buwanang limitasyon ng kita

Mga limitasyon sa buwanang kita para sa indibidwal na mula lang sa sahod ang kita:

- Noong 2024 ay $1,971
- Sa 2025 ay $2,019

Mga limitasyon sa buwanang kita para sa indibidwal na hindi mula sa sahod ang kita:

- Noong 2024 ay $963
- Sa 2025 ay $987

Mga limitasyon sa buwanang kita para sa mag-asawa na mula lang sa sahod ang kita:

- Noong 2024 ay $2,915
- Sa 2025 ay $2,985

Mga limitasyon sa buwanang kita para sa mag-asawa na hindi mula sa sahod ang kita:

- Noong 2024 ay $1,435
- Sa 2025 ay $1,470

***TANDAAN:*** *Kung may kita ka, ang buwanang benepisyo mo ay karaniwan nang mas mababa kaysa sa pinakamataas na pederal na bayad ng SSI. Tandaan, dapat mong iulat sa amin ang lahat ng kita mo. Nagdadagdag ang ilang estado ng pera sa pederal na bayad ng SSI. Kung nakatira ka sa isa sa mga estadong ito, maaari kang maging karapat-dapat para sa mas mataas na bayad. Maaaring mas malaki ang kita mo kaysa sa mga limitasyong nakalagay at maaari ka pa ring maging karapat-dapat.*

## Impormasyon para sa mga tao sa Medicare

### Insurance sa Ospital (Bahagi A)

**Bayad sa Premium na Bahagi A:** Ang halaga ng premium na babayaran mo para makabili ng Medicare Bahagi A ay depende sa bilang ng kredito na nakuha mo sa Social Security. Kung mayroon kang:

- 40 kredito, ang halaga ng bayad sa premium ng Bahagi A noong 2024 ay $0
- 40 kredito, ang halaga ng bayad sa premium ng Bahagi A sa 2025 ay $0
- 30-39 kredito, ang halaga ng bayad sa premium ng Bahagi A noong 2024 ay $278 bawat buwan
- 30-39 kredito, ang halaga ng bayad sa premium ng Bahagi A sa 2025 ay $285 bawat buwan
- Wala pang 30 kredito, ang bayad sa premium ng Bahagi A noong 2024 ay $505 bawat buwan
- Wala pang 30 kredito, ang bayad sa premium ng Bahagi A sa 2025 ay $518 bawat buwan

### Medikal na Insurance (Bahagi B)

Premium na Bahagi B

- Noong 2024 ay $174.70 bawat buwan**
- Sa 2025 ay $185 bawat buwan**

***TANDAAN:*** *Kung kukuha ka ng Medicare at mababa ang kita mo, maaaring bayaran ng estado mo ang iyong mga premium sa Medicare at sa ilang kaso, ang mga deductible mo at iba pang medikal na gastusin na mula sa sariling pera. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensya ng medikal na tulong (Medicaid), mga serbisyong panlipunan o tanggapan ng welfare para sa karagdagang impormasyon.*

***Ang karaniwang buwanang premium ay $185.00. Ang ilang mga taong may mas mataas na kita ay nagbabayad ng mas mataas na premium.*

Bisitahin ang ***https://www.medicare.gov/basics/costs/medicare-costs*** (Ingles lang) para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo ng Medicare.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10003-TL | January 2025 (Recycle prior editions)
Update
Update (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ginawa at nailathala sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.